COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County
FEMA COVID-19 Programang Tulong sa Pagpapalibing

Ang pagpasa ng American Rescue Plan Act ng 2021 ay ginagawa na ngayong posible para sa mga pamilya at indibidwal na nagkaroon ng mga gastusin sa pagpapalibing dahil sa COVID-19 sa taong 2021 at higit pa na magkaroon ng kakayahang mag-apply para sa tulong sa pagpapalibing.

Pagiging Karapat-dapat:

Sino ang Maaaring Mag-apply	Sino ang Hindi Maaaring Mag-apply
• Ang kamatayan ay dapat na naganap sa Estados Unidos, kabilang ang mga teritoryo ng U.S., at ang Distrito ng Columbia. • Ang sertipiko ng kamatayan ay dapat na ipahiwatig na ang kamatayan ay direkta o hindi direktang iniuugnay sa COVID-19. • Ang aplikante ay dapat na isang mamamayan ng U.S. (U.S. citizen), isang nasa bansa na hindi mamamayan ng U.S. (non-citizen national), o kwalipikadong dayuhan (qualified alien) na nagkaroon ng gastusin sa pagpapalibing pagkatapos ng Enero 20, 2020. • Hindi kinakailangan na ang namatay na tao ay isang mamamayan ng U.S., isang nasa bansa na hindi mamamayan ng U.S., o kwalipikadong dayuhan.	• Ang isang menor de edad ay hindi maaaring mag-apply sa ngalan ng isang nakatatanda na hindi mamamayan ng U.S., isang nasa bansa na hindi mamamayan ng U.S., o kwalipikadong dayuhan. • May ilang mga kategorya ng mga dayuhan na legal na nasa U.S. na hindi karapat-dapat para sa Programang Tulong para sa Indibidwal at Sambahayan ng FEMA, kabilang ang tulong sa pagpapalibing. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa: ○ Mga may hawak ng visa ng pansamantalang turista ○ Mga dayuhang mag-aaral ○ Mga may hawak ng visa ng pansamantalang trabaho ○ Mga nakagawiang bisita tulad ng mga mamamayan ng Federal States of Micronesia, Palau, at Republika ng Marshall Islands

Paano Mag-apply:

- Ang aplikasyon ay magsisimula sa Abril 12, 2021. Ang mga aplikante ay dapat na mag-apply gamit ang telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa COVID-19 Tulong sa Pagpapalibing Linya ng Telepono: 844-684-6333 | TTY: 800-462-7585. Walang online na aplikasyon ang tatanggapin.
- Mga Oras ng Operasyon: Lunes – Biyernes, 9 ng umaga hanggang 9 ng gabi Eastern Time
- Ang mga punerarya ay hindi karapat-dapat na mag-apply sa ngalan ng isang pamilya; ang taong nag-aapply ay dapat na isang indibidwal, hindi isang negosyo, na nagkaroon ng mga gastusin sa pagpapalibing.
- Ang mga aplikante na kamakailan lang ay nag-apply para sa tulong ng FEMA para sa tahanan at/o pinsala sa personal na ari-arian mula sa isang sakuna at nagkaroon din ng mga gastusin sa pagpapalibing para sa kamatayan na naiuugnay sa COVID-19 pagkatapos ng Enero 20, 2020, ay maaaring mag-apply para sa COVID-19 Tulong sa Pagpapalibing. Isang hiwalay na aplikasyon ang kakailanganin.

COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County
FEMA COVID-19 Programang Tulong sa Pagpapalibing

Tulong Pinansyal:

- Ang mga aplikante ay maaaring tumanggap ng tulong o ng mga gastusin sa pagpapalibing ng maraming indibidwal na namatay.
- Ang tulong ay limitado sa pinakamalaki (maximum) na $9,000 kada pagpapalibing at pinakamalaki na $35,500 kada aplikasyon kada estado, teritoryo, ang Distrito ng Columbia.
- Ang FEMA sa pangkalahatan ay magbibigay lamang ng COVID-19 Tulong sa Pagpapalibing sa isang aplikante kada namatay na inidibidwal. Aming kinikilala na maraming indibidwal ang maaaring nag-ambag sa mga gastusin sa pagpapalibing para sa isang namatay na indibidwal. Makikipagtulungan ang FEMA sa mga aplikante sa mga ganitong sitwasyon at sa mga taong nagsumite ng maraming resibo para sa mga gastusin ng pagpapalibing kapag ang kanilang pangalan ay hindi lumalabas sa resibo.

Mga Saklaw na Gastusin:

- Ang COVID-19 Tulong sa Pagpapalibing ay tutulong sa mga gastusin para sa mga serbisyo ng pagpapalibing at libing o kremasyon
- Transportasyon para sa hanggang dalawang indibidwal para kilalanin ang namatay na indibidwal
- Paglilipat ng labi
- Kabaong o sisidlan ng labi
- Pinaglibingang lupa o nitso ng kremasyon
- Pananda o lapida
- Mga serbisyo ng klero o tagapamahala
- Pagsasaayos ng seremonya ng libing
- Paggamit ng kagamitan ng punerarya o mga kawani
- Gastos sa kremasyon o libing
- Mga gastos na may kinalaman sa paggawa at pagpapatunay ng maraming sertipiko ng kamatayan
- Mga karagdagang gastusin na iniuutos ng anumang naaangkop na batas o ordinansa ng pamahalaang lokal o estado

Huling araw (Deadline) sa Pag-apply:

Sa oras na ito, walang huling araw na ilalapat para sa COVID-19 Tulong sa Pagpapalibing. Ipaaalam ng FEMA ang isang partikular na huling araw sa sandaling ito ay napagpasyahan. Para sa higit pang impormasyon iklik dito.